ISSN 2672-2879

Tomo 2 Blg. 6, Nobyembre–Disyembre 2020

# CaraBalitaan

Opisyal na Tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

## Cara-Aralan sa Niyugan sinimulan na sa Zambo, Sibugay

NI **DORIE BASTATAS**

**DA-PCC sa MLPC — Dalawampu't pitong magniniyog mula sa Ipil, Zamboanga Sibugay ang kalahok sa kauna-unahang Cara-Aralan sa Niyugan na nagsimula noong Nobyembre 27. Ito ay isa sa mga interbensyon sa ilalim ng Coconut Carabao Development Project (CCDP) ng DA-PCC at DA-Philippine Coconut Authority.**

Ayon kay Fe Emelda Academia, Senior Science Research Specialist at Carabao-based Enterprise Development coordinator ng DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Complex (DA-PCC sa MLPC), layunin ng dalawang taong proyekto na mabigyan ng karagdagang mapagkakakitaan ang mga magniniyog sa pamamagitan ng mga kabuhayang salig sa pagkakalabaw.

"Makakasama namin kayo sa paglalakbay at titiyakin naming mauunawaan ninyo kung saan patungkol ang proyektong ito. Nakikipagtulungan kami sa mga stakeholders para sa pagsusulong ng kabuhayang mapakikinabangan ng mga magsasaka," dagdag pa ni Academia.

Magsisilbing tagapangasiwa ng mga kaganapan sa pagsasanay sa loob ng 11 linggo ang mga facilitators ng Farmers Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP), mga kawani ng DA-PCC at mga kinatawan ng PCA. Nasa dalawa hanggang tatlong oras ang bawa't sesyon kada linggo na gaganapin sa barangay Makilas at Tomitom, Ipil, Zamboanga Sibugay.

Kabilang sa mga paksang tatalakayin

SUNDAN SA P. 7



LARAWANG KUHA NI CHARLENE JOANINO

## Positibong pananaw sa negosyong pagkakalabaw sa 'New Normal'

NI **MA. CECILIA IRANG**

**DA-PCCNHGP — Binigyang-diin sa ginanap na "virtual" 6th National Carabao Conference (NCC) noong Nobyembre 17 ang mga pagsisikap at interbensyon ng DA-PCC para tuluy-tuloy na magampanan ang mandato nito at mapaglingkuran ang mga kliyente nito sa gitna ng pandaigdigang krisis pangkalusugan.**

Ayon kay Dr. Eric Palacpac, hepe ng Knowledge Management Division ng DA-PCC at overall chair ng 6th NCC, ang komperensya ay kinapalooban ng tatlong sesyon upang matanto ang tema nitong "Pag-asa Karbawan: Lahat Aahon, Susulong, Aasenso".

"Tunay na mahalaga na sa gitna ng kalamidad at krisis pangkalusugan na ating pinagdadaanan sa ngayon ay hindi tayo sumusuko bagkus ay lalo pang nagpupunyagi upang sama-samang umahon, sumulong, at umasenso lalo na ang ating mga carapreneurs," ani Dr. Palacpac.

Tinalakay sa unang bahagi, na pinamagatang "Pag-asa Karbawan, May Pag-Ahon",

SUNDAN SA P. 2

**Ang Cara-Aralan sa Niyugan ay isang blended learning modality na idinisensyo para ihanda ang mga magniniyog sa pagsuong nila sa kabuhayang salig sa kalabaw. Ito ay kapapalooban ng instructional video materials, hands-on activities, at take home exercises bilang learning instruments.**

# Positibong pananaw...

MULA SA P. 1

**Layunin ng taunang komperensiya, na nagmula sa inisyatiba ni dating DA-PCC Executive Director Dr. Arnel Del Barrio, na pagsama-samahin ang mga kalahok, katiwala, at lahat ng mga may pakinabang sa industriyang salig sa kalabaw. Daluyan din ito ng mga mahahalagang impormasyon upang maibahagi at maipalaganap ang mga teknolohiya, kasanayan, mga ideya patungkol sa industriya at mga wastong pamamaraan na naisagawa na ng mga magsasakang nagtagumpay sa kani-kanilang mga pinagkakakitaang negosyong salig sa kalabaw at nang sa gayon ay makahikayat ng maraming magsasaka na sumali sa CDP.**

kung paano hinaharap ng DA-PCC at mga kliyente nito ang mga pagsubok na bunsod ng pandemya. Itinampok dito ang mga audio-visual presentations tungkol sa mga aktibidad na pinondohan ng gobyerno gaya ng Ahon Lahat, Pagkaing Sapat Kontra COVID-19 (ALPAS-COVID-19) interventions at Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB) Karbawan projects (Carabao-Based Business Improvement Network at Coconut-Carabao Development Project). Nagkaroon din ng isang convergence meeting ukol sa "clustering of dairy farms" na pinangunahan ni DA-PCC's Deputy Executive Director Dr. Caro Salces. Samantala, nagbigay naman ng ulat si Dr. Claro Mingala, OIC-Executive Director ng DA-PCC, tungkol sa carabao development program (CDP) at ang mga inisyatiba at pagsisikap ng ahensya para mapaunlad ang industriya ng pagkakalabaw sa "New Normal".


Sa "Pag-asa Karbawan, May Pagsulong" na bahagi, kinapalooban ito ng paglulunsad ng DA-PCC knowledge portal, digitized knowledge products, at manuals para sa Artificial Insemination at Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production. Kabilang din dito ang mga talakayan na ibinahagi ng iba't ibang mga tagapagsalita tungkol sa School-based Milk Feeding Program ni Dr. Ma. Corazon Dumlao, chief health program officer ng Bureau of Learner Support Services-School Health Division-Department of Education; Loan Program for Carapreneurs ni Emmaly Guinto, hepe ng Agricultural Credit Policy Council's (ACPC) Communication and Public Affairs Division at Justine Cubos, ACPC's information officer; at DA-PCC's technology highlights ni Dr. Eufrocina Atabay, Scientist I at OIC-Research and Development Division.

Sa kabilang banda, para sa huling bahagi na pinangalanang "Pag-asa Karbawan, May Pag-Asenso", ilang mga video presentations ang itinanghal tampok ang mga carapreneurs na napagtagumpayan ang mga hamon sa buhay at mga nagwagi sa 2019 outstanding dairy farmers, dairy buffaloes, cooperative, at region 3 technicians.

Ibinahagi ni Dr. Peregrino Duran, Scientist I at Search for Outstanding Farmers, Co-op, and Dairy Buffaloes committee chair, ang mga patnubay at pamantayan para sa bawa't parangal.

Ang mga nagwaging "Outstanding Dairy Buffalo Farmers" sa iba't ibang kategorya ay sina Juanito Dumale ng Science City of Muñoz, Nueva Ecija (smallhold category), Corazon Badie ng Cadiz City, Negros Occidental (family module category), Bonifacio Alagar ng Rosario, Batangas (semi-commercial category), Roger Mactal ng Botolan, Zambales (commercial category), at Dominic Paclibar ng M'lang, North Cotabato (independent category).

Samantala, nanalo naman si Grace Boyles ng Mabini, Bohol bilang "Modelong Juana sa Kalabawan" habang si Moises Alfonso ng San Jose City, Nueva Ecija ay nagwagi bilang "Modelong Kabataan sa Kalabawan". Para sa pangalawang beses at magkasunod na taon, hinirang bilang "Best Dairy Buffalo Farmer Cooperative" ang Catalanacan Multi-Purpose Cooperative. Naiuwi nina Arnold Cunanan at Victoriano Dumale ng San Jose City at Science City of Muñoz, Nueva Ecija ang "Gintong Kalabaw Cup" para sa kanilang mga alaga na ginawaran bilang "Best Senior at






Best Junior Dairy Buffalo Cows". Isang special award naman para sa "KaTropang Vlogger" ang ibinigay kay Richard Reyes ng Bacolor, Pampanga.

Pinarangalan din ang outstanding technicians at bull loan recipient sa Region 3. Kabilang sa mga kinilala ay sina Luisito Espiritu at Eduardo Dela Cruz, Jr. ng San Miguel, Bulacan bilang "Outstanding Village-Based Artificial Insemination (AI) Technicians" pagdating sa AI services at calf drop; si Lito Lopez ng Cabanatuan City, Nueva Ecija bilang "Outstanding Local Government Unit AI Technician"; si Arturo Pascua ng San Jose City, Nueva Ecija bilang "Outstanding Newly Trained AI Technician"; at Renato Villeza ng Talavera, Nueva Ecija bilang "Outstanding Bull Loan Recipient".

Nakibahagi rin sa komperensiya at nagbigay ng kani-kanilang mensahe online sina DA-Undersecretary for Livestock Dr. William Medrano at Senate Committee Chair on Agriculture, Food, and Agrarian Reform Senator Cynthia Villar.




# Nasumpungang gawain ng retiradong piloto sa MisOr

NI **JESON CANDOLE**

**DA-PCC sa CMU — Labing-isang gatasang kalabaw ang ipinamahagi sa Diao's Dairy Farm na pagmamay-ari ni Rodrigo Diao, isang retiradong piloto na nais sumuong sa negosyong pagkakalabaw, sa Barangay Mat-i, Naawan, Misamis Oriental noong Disyembre 11.**

Ang naturang aktibidad ay bahagi ng proyektong ALAB Karbawan para sa nasabing lalawigan mula sa sama-samang pagsisikap nina Misamis Oriental Governor Yevgeny Vincente Emano bilang focal person, DA-PCC sa CMU na pinamumunuan ni center director Dr. Lowell Paraguas, Oro Integrated Cooperative (OIC) bilang conduit coop na kinatawan ni Floriano Hilot, OIC Chief Executive Officer at Doriz Calapiz, chairman ng OIC Board of Directors.

"Sa wakas, nasimulan na namin ang pamamahagi rito ng mga gatasang kalabaw sa kabila ng mga pagsubok na napagdaanan namin sa pagpapatupad ng proyektong ito. Malaki rin ang pasasalamat ko sa buong suporta ng aming mga kabalikat gaya ng PLGU, LGU, koop at mga magsasaka," ani Dr. Paraguas.

Aniya pa, kumpiyansa siya na magiging supplier ng gatas ang Diao's Dairy Farm para sa national milk feeding na ipinatutupad ng Department of Education (DepEd) at Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa lalawigang ito na sumasaklaw sa tatlong lungsod at 24 na munisipalidad.

Ayon kay Gov. Emano, ang nangyaring pamamahagi ng mga gatasang kalabaw ay nagsisilbing tulay sa pagtupad ng pangarap nilang maging dairy capital ng Misamis Oriental ang munisipalidad ng Naawan.

"Hindi ko palalagpasin ang pagkakataong ito na magpasalamat sa DA-PCC para sa proyektong ito na talagang makikinabang ang aking mga nasasakupan. Sa pamamagitan nito, posibleng habang kumakain sila ay may nakatabi nang isang baso ng sariwang gatas ng kalabaw," dagdag pa ni Gov. Emano.

Ipinahayag din ni Gov. Emano ang kanyang pasasalamat sa iba pang kabahagi sa proyekto gaya ng LGU-Naawan, OIC at Diao`s Family na buong-sigasig na sumusuporta sa ganitong gawain para mapaunlad at mapalakas ang industriya ng paggagatasan.

Maliban sa pagkakaloob ng mga kalabaw, pinangunahan din ng DA-PCC ang pamamahagi ng tatlong 40L at dalawang 20L milk cans sa Diao`s Dairy Farm at Provincial Veterinary Office.

Dumalo rin sa aktibidad sina Nawaan Mayor Denis Roa, Brgy. Captain Aik Suyo, OIC Business Development Officer Kilian Deveza, DA-PCC sa CMU CBED coordinator Dr. Elena Paraguas, Provincial Veterinarian Dr. Benjamin Resma at iba pang mga kawani ng OIC at DA-PCC.

# 2019 OUTSTANDING FARMERS, BUFFALOES, AND CO-OP

NINA **MA. CECILIA IRANG** AT **CHARLENE JOANINO**
ILUSTRASYON NI **CHRISSALYN MARCELO**



## CATALANACAN MULTI-PURPOSE COOPERATIVE

**Outstanding Dairy Buffalo Cooperative**
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Nagsimula ang lakbayin ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC) sa programa ng paggagatasan noong 1999, matapos nitong mapag-alaman ang tungkol sa 25 Dairy Buffalo Module ng DA-PCC. Dahil sa maayos na track record nito, naaprubahan ang aplikasyon ng CAMPC para sa nasabing module sa parehong taon. Sa lahat ng mga organisadong grupo na inaasistehan ng DA-PCC, ang CAMPC ang kauna-unahang kooperatiba na namamahala ng Dairy Box, isang establisimyento kung saan makabibili ng iba't ibang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw, na ngayon ay nagkaroon na rin ng sangay sa iba't ibang panig ng bansa. Ang CAMPC rin ang kauna-unahang kooperatiba na nangangasiwa ng Milkybun Production Center sa Nueva Ecija. Nagsimula lang sa puhunan na Php68,000 noong 1987, ang CAMPC ngayon ay mayroon nang kabuuang Php4.3 million share capital na siyang ginagamit nito para sa serbisyong agricultural loan sa mga miyembro. Sa kasalukuyan, ang CAMPC ay may kabuuang Php19 million assets. Noong 2019, nakapagtala ang CAMPC ng netong kita na Php1,426,836.24 na may ROI na 50.58%. Dumami rin ang bilang ng kalabaw sa kanilang kooperatiba mula sa 25 ay 159 na ang inaalagaan ng mga miyembro, 50 rito ang ginagatasan na nakapagbibigay ng karaniwang 170-200kg ng gatas araw-araw.




## MOISES ALFONSO

**Modelong Kabataan sa Kalabawan**
San Jose City, Nueva Ecija

Labing-tatlong taong gulang pa lamang si Moises nang kamulatan na niya ang gawain sa pagkakalabawan dahil sa kanyang yumaong ama na si Carlito Alfonso, isa sa mga progresibong magsasakang-maggagatas na inasistehan ng DA-PCC. Ang pagmamahal niya sa gawaing ito ang naging dahilan kung bakit sa halip na humanap ng trabahong angkop sa kanyang tinapos na kursong Marine Transportation ay mas pinili niya na ituloy at pagtuunan ng atensyon ang pagkakalabawan na pinagsikapang paramihin ng kanyang ama. Noong 2017 ay hinirang si Moises na "Gold Farmer" sa kauna-unahang Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production na isinagawa ng DA-PCC dahil sa ipinamalas nitong galing at kakayahan. Sa kasalukuyan, pinamamahalaan ni Moises ang programa sa pagpapalahi sa kanilang kalabawan dahil isa rin siya sa mga sinanay ng DA-PCC sa pregnancy diagnosis at artificial insemination noong Hunyo 2019. Siya rin ay isa sa mga miyembro ng board of directors ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative sa San Jose City, Nueva Ecija. Kamakailan lamang ay nakapagpundar siya at ang kanyang pamilya ng isang baling machine na naging daan para sumuong din siya sa produksyon at pagbebenta ng mga binigkis na dayami o baled rice straws bilang pakain sa mga kalabaw.



## JUANITO DUMALE

**Outstanding Dairy Buffalo Farmer (Smallhold Category)**
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Magmula nang mapagkatiwalaan ng gatasang kalabaw ng DA-PCC si Juanito ay ibayong kasipagan na ang ipinamalas nito sa pag-aalaga ng kalabaw. Hindi siya nawalan ng pag-asa na darating ang panahon na magbubunga ang lahat ng kaniyang pagsisikap sa pag-aalaga. Hindi nga siya nabigo. Taong 2018, sabay-sabay na nagbigay ng saganang gatas ang anim niyang kalabaw dahilan para bumili siya ng sarili niyang milking machine. Umaani siya noon ng 36 na litro sa isang araw. Nasubukan pa niyang kumita ng Php36,000 hanggang Php42,000 sa loob lang ng dalawang linggo. Dahil sa maayos na pangangasiwa sa kinikita, nakapagpundar na siya ng isang owner-type jeep, nakapagpaayos ng bahay at kulungan ng mga alaga, at namamahala ng 3,000 sq. m. na taniman ng mangga na isinanla sa kaniya. Sa katunayan, para mas matutukan ang pagbibigay ng maayos na pakain sa mga alaga, tinaniman na niya ng Napier ang 6,000 sq. m. bukid na dati niyang taniman ng palay. Malaki ang pasasalamat ni Juanito at ng kanyang asawang si Emilia sa nasumpungang negosyo sa pagkakalabaw dahil sa kita sa gawaing ito ay naging posible na mapagtapos nila sa pag-aaral ang kanilang dalawang anak at maranasan ang kaginhawahan sa buhay.



## GRACE BOYLES

**Modelong Juana sa Kalabawan**

Mabini, Bohol

Isa si Grace Boyles sa mga itinuturing na huwarang Juana sa pagkakalabawan. Sumali siya sa programa sa paggagatasan ng DA-PCC sa Ubay Stock Farm noong 2005 kung saan napagkatiwalaan siya ng dalawang American Murrah buffaloes. Dahil sa taglay niyang kasipagan at dedikasyon, nakatanggap ulit siya ng kalabaw mula sa DA-PCC sa mga sumunod pang taon. Kalakip ang wastong pagpapalahi at pangangasiwa, dumami ang alagang kalabaw ni Grace, mula sa dalawa ay naging 20 na ang kanyang alaga, na nagbibigay sa kanya ng kita na Php27,000 kada buwan. Bunga nito, nakumbinsi niya ang kanyang asawa na tulungan na siya sa pagkakalabaw, naipaayos ang kanilang bahay, napag-aaral ang mga pamangkin, at natutulungan sa pinansyal na pangangailangan ang mga kapatid. Sa loob lamang ng 10 taon, nakahikayat siya ng 60 pang magsasaka na sumali rin sa programa ng paggagatasan. Si Grace ay masugid ding kabalikat ng DA-PCC sa USF sa immersion program nito at mga pagsasanay ukol sa wastong pangangalaga ng gatasang kalabaw. Nakatulong siya na paunlarin ang produksyon ng gatas sa kanilang komunidad na mula sa apat ay naging 80 litro na ang produksyon araw-araw. Para kay Grace, hindi kahit kailan hadlang ang pagiging babae para magtagumpay sa buhay.



## BONIFACIO ALAGAR

**Outstanding Dairy Buffalo Farmer (Semi-Commercial Category)**

Rosario, Batangas

Si Bonifacio Alagar, 50, ng Brgy. Mavalor, Rosario, Batangas ay sumuong sa negosyong gatasan noong 2014. Isa siya sa naging benepisyaryo ng Dairy Buffalo Module o programang “Paiwi” ng DA-PCC sa University of the Philippine-Los Baños. Dahil sa determinasyon, walang tigil na pagpapagal, at patuloy na paggamit ng mga teknolohiya tulad ng artificial insemination, milking machine, at pagpapakain ng concentrates, napalago niya ang kaniyang kabuhayan. Mula sa pagkakaroon ng 3 kalabaw nang magsimula, ngayo’y 36 na ang kaniyang kalabaw. Mayroon siyang 15 babaing kalabaw at 9 dito ang kaniyang ginagatasan. Nakakukuha siya ng 60 litro kada araw. Base sa DA-PCC iREB dashboard, ang enterprise performance ni Alagar ay dumoble noong 2019 na umabot ng 134.48% kumpara sa 66.42% noong 2018.



## CORAZON BADIE

**Outstanding Dairy Buffalo Farmer (Family Module Category)**

Cadiz City, Negros Occidental

Isa si Corazon Badie sa mga miyembro ng Magsaysay Integrated Livelihood for Economic Sufficiency sa Brgy. Magsaysay, Cadiz City. Taong 2017 nang mapili siyang maging bahagi ng Sustainable Livelihood Program ng Department of Social Welfare and Development (DSWD-SLP). Napagkalooban si Badie ng walong gatasang kalabaw bilang panimula. Masigasig siyang sumali sa iba’t ibang pagsasanay na isinagawa ng DA-PCC at mayroon na siyang inaalagaan na pitong kalabaw na anak ng mga nauna niyang mga kalabaw. Ang isa sa kaniyang mga anak ay naging interesado sa negosyong gatasan at nagsanay bilang AI technician ng DA-PCC. Naranasan ni Badie at ng kaniyang pamilya na makakuha ng 50 litrong gatas kada linggo mula sa kaniyang mga alagang kalabaw. Ipinagbibili nila ang aning gatas ng Php90 kada litro sa Silay City at ginagamit nila ito sa pang-araw-araw na pangangailangan. Dahil sa benepisyong hatid ng naturang kabuhayan kina Badie, nahimok ang ilang residente na pumalaot na rin sa negosyong gatasan.



## DOMINIC PACLIBAR

**Outstanding Dairy Farmer (Independent Category)**

M’lang, North Cotabato

Si Dominic Paclibar ng Mlang, Cotabato ay kabilang sa mga nagtapos ng DA-PCC Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) na isinagawa ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao (USM). Hindi naglaon ay pinahiraman si Paclibar ng kalabaw sa ilalim ng Dairy Buffalo Module na isinusulong ng DA-PCC sa USM. Gamit ang mga natutunan sa FLS-DBP ay pinaunlad ni Paclibar ang kaniyang negosyong salig sa pagkakalabaw. Sa panahong hindi pa naggagatas ang mga alaga ni Paclibar ay nagbenta siya ng Napier na damong pakain para sa kalabaw. Tinamnan niya ang 11-ektaryang lupain at ngayo’y nakapagbebenta ng 15 toneladang Napier kada buwan na nagkakahalaga ng Php7,500. Nang magsimulang umani ng gatas, nagtayo naman si Paclibar ng marketing outlet kung saan niya ibinebenta ang mga aning gatas at mga produktong gawa rito. Dahil sa magandang kinahinatnan ng kaniyang negosyo, ang dairy farm ni Paclibar ay naging akreditado ng Department of Trade and Industry at nasa proseso na ng pag-aapply para sa Food and Drug Administration Certificate. Sa ngayon, sa isang buwan umaabot sa 900 litro ng gatas ng kalabaw ang nakukuha niya sa kaniyang mga alaga.



## ROGER MACTAL
**Outstanding Dairy Farmer (Commercial Category)**
Botolan, Zambales

Taong 2016, nang magsimula ang negosyanteng si Roger Mactal na mag-alaga ng kalabaw. Inilagak niya ang 24 na purebred Brazilian Murrah at 1 bulugan sa Sta. Catalina Farm sa Botolan, Zambales na kaniyang pagmamay-ari. Upang makatulong, kinuha niya bilang manggagawa ang ilan sa mga katutubong Aeta na naninirahan malapit sa lugar. Sila ay lumahok sa mga pagsasanay na salig sa pagkakalabaw na isinasagawa ng DA-PCC. Naging aktibo rin si Mactal sa pagsuporta sa mga programang isinusulong ng DA-PCC sa Central Luzon State University. Aabot sa 15 ektaryang lupain ang inilaan ni Mactal bilang taniman ng mga damong pakain para mga kalabaw. Mayroon ding pasilidad na naitayo para sa pagproproseso ng pakaing may nutrients-rich formulation. Naging puntahan ang Sta. Catalina Farm ng mga turista na nais masubukan ang livestock farming. Kabilang sa mga aktibidad na ibinibigay nila sa mga bisita ay pagpapakain at paggagatas ng mga kalabaw, at pagpapalitrato kasama ang bulugang si Bruno. Ngayo'y dumoble na ang dami ng kalabaw sa farm at sa hinaharap ay nais pa ni Mactal na maparami pang lalo ang mga ito upang magkaroon ng maraming aning gatas.



## 2NIZ12084
**Best Senior Dairy Buffalo Cow**
San Jose City, Nueva Ecija

Katangi-tangi ang ipinamalas na galing lalo na sa produksyon ng gatas ng Brazilian Murrah buffalo na may ID no. 2NIZ12084 na pag-aari ni Arnold Cunanan ng San Jose City, Nueva Ecija. Nakapagbigay ito ng 4,425 litro ng gatas sa loob lamang ng 10 buwan. Maliban dito, sa nakaraang limang taon ay nakapanganak na ito ng tatlong beses at inaasahang manganganak muli bagong matapos ang taon. Ipinanganak noong Oktubre 2, 2012, ang nasabing kalabaw ay nananatiling malusog at produktibo. Dahil sa mga katangiang ito ay hindi maikakaila ang buhos-biyayang patuloy na ibinibigay nito kay Arnold.



## 2NIZ16006
**Best Junior Dairy Buffalo Cow**
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Para kay Victoriano Dumale ng Licaong, Science City of Muñoz, Nueva Ecija, ibayong pakinabang ang hatid ng kanyang kalabaw na si Daisy, isang Brazilian murrah buffalo na may ID no. na 2NIZ16006 dahil sa taglay na katangian nito. Sa loob lamang ng 10 buwan ay nakapagbigay ito ng kabuuang 3,747 litrong gatas. Nakaisang beses na itong manganak sa nakalipas na apat na taon at inaasahang manganganak muli ngayong Disyembre.



## RICHARD REYES
**Special Award (KaTropang Vlogger)**
Bacolor, Pampanga

Aktibo si Richard sa pagbabahagi ng kanyang mga karanasan, kaalaman, at pamamaraan sa pag-aalaga ng kalabaw sa pamamagitan ng video blogging. Ang mga posts niya sa Tropang KalabaJuan, isang Facebook group na pinamamahalaan ng DA-PCC, ay nagpapakita ng kaniyang kagustuhang mahikayat at ma-inspire ang mga kapwa niya magkakalabaw na magpatuloy at mas mapaunlad ang kanilang kalabawan.

2019 OUTSTANDING FARMERS, BUFFALOES, AND CO-OP




# Pamilyang kapit-bisig tungo sa maunlad na pagkakalabawan

NI **RODOLFO JR. VALDEZ**

**DA-PCC sa USM — "Walang imposible sa pagkamit ng maunlad na kabuhayan kung isang pamilya kaming magtutulung-tulong sa mga tungkulin sa pagkakalabawan".**

Ito ang naging pananaw ng pamilya ni Rodel Estañol ng Barangay Canahay, Surallah, South Cotabato tungo sa masagana at maunlad na kabuhayaang salig sa kalabaw.

Ang pamilyang Estañol ay isa sa mga nakilahok sa programa ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao noong 2017. Bago sila pinagkalooban ng anim na Italian Mediterranean buffaloes, sumailalim sa mga pagsasanay ang mag-asawang Rodel at Loida upang mas mapahusay pa ang kakayahan sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

Noong unang mga taon ng kanilang pag-aalaga, ibinahagi ni Rodel na parang silang lumulusot sa butas ng karayom sa pagharap ng mga balakid at problema. Aminado silang may pag-aalinlangan sila sa proyekto dahil ito ay bago para sa kanila at sa kanilang lugar.

Baun-baon ang positibong pananaw sa buhay, naging mas pursigido ang pamilya Estañol, katuwang ang LGU-Surallah at DA-PCC sa USM, sa pagkatok sa pintuan ng oportunidad sa pagkakalabawan.

Hindi naglaon, naging kasangga ng mag-asawang Rodel at Loida ang kanilang mga gatasang kalabaw sa pagtataguyod ng kanilang pamilya lalung-lalo na sa mga panahon ng unos.

"Naalala ko pa noong 2019, halos ilang buwan na walang ulan dito sa amin. Sa mga panahong iyon, tanging gatas lamang ang pinagmumulan ng perang pinambibili namin ng mga pagkain sa pang araw-araw. Kaya naman malaki ang pasasalamat namin sa DA-PCC dahil sa ipinagkatiwalang mga gatasang kalabaw," maluha-luhang sambit ni Loida.

Nakakukuha ang pamilya ni Rodel mula sa mga ginagatasang kalabaw ng mahigit 530 litro kada buwan. Ito ay kanilang ipinagbibili sa D&L Dairy Farm sa halagang Php65-75 kada litro. Ang kanilang kita ay ang siyang ipinantutustos sa pangangailangan ng kanilang pamilya at pag-aaral ng mga anak.

Noong una, ang tanging hangad lamang ng mag-asawang Estañol ay ang madagdagan ang kanilang kita upang makaahon sa kahirapan.

"Noong wala pa kaming gatasang kalabaw, nakikisaka lang kami ng aking misis. Wala kaming sariling lupa para sakahin at umaasa lang kami sa kung sinong magpapatrabaho sa amin sa bukid. Aalis kami sa bahay ng maaga at darating naman ng gabi. Halos wala na kaming mailaan na oras para sa aming mga anak," kwento ni Rodel.

Nguni't ngayon, naging katuwang ng mag-asawa ang kanilang mga anak sa pag-aalaga ng kalabaw. Mula sa pagpapakain, pagpapastol at paggagatas ay laging nakaalalay ang kanilang apat na mga anak. Ito, anila, ang nagsisilbing oras ng kanilang pagsasama bilang isang pamilya.

"Hindi namin sukat akalain na hindi lamang pera ang hatid ng kalabaw kundi maging tali na magbibigkis sa relasyon ng aming pamilya," nakangiting sabi ni Loida.

Maliban dito, isa nang ganap na Village-Based Artificial Insemination Technician o VBAIT ang kanilang anak na si Rey John matapos ang isang buwang pagsasanay sa DA-PCC sa USM ng Basic Artificial Insemination at Pregnancy Diagnosis noong Hulyo 6 hanggang Agosto 4.

Sa salaysay ni Loida, tuwing naglilibot si Rey John upang mag AI, hindi magkamayaw ang mga tanong ng kanilang mga kabarangay ukol sa programang hatid ng DA-PCC. Nakikita kasi nila ang unti-unting pag-usbong ng kanilang buhay dahil sa mga kalabaw.

Sa ngayon, naging tagapaghatid ng balita ang pamilyang Estañol sa biyayang handog ng gatasang kalabaw. Anila: "Nagsisilbing tulay ang DA-PCC ng biyayang pampamilyang pangkabuhayan".

## Cara-Aralan sa Niyugan...

MULA SA P. 1

ang: 1) Kwento at Kwenta sa Kalabawan ni Juan, 2) Forage Production and Conservation, 3) Feeding of Buffalo at Different Physiological Stages, 4) Disease Prevention and Control, 5) Proper Housing for Calves and Adults, 6) Best Practices in Artificial Insemination and Breeding, 7) Artificial Insemination in Large Ruminants, 8) Calving Management, 9) Wastong Paraan ng Paggagatas at Pangangasiwa ng Aning Gatas, 10) Hygienic Milk Handling Practices at 11) Basic Financial Management.

Dumalo rin sa ginanap na programa sina DA-PCC sa MLPC Center Director Dr. Cecelio Velez, Community Development Officer Josephine Mendoza, at PCA-Ipil OIC Division Chief Ariel Tomong.

# Pagsusulong ng teknolohiya

NI **CHARLENE JOANINO**




**DA-PCCNHGP — Mas palalawagin pa ng DA-PCC ang pagsasapubliko ng mga teknolohiyang makapagpapa-unlad ng industriya ng paghahayupan.**

Sa isang apat na araw na pagsasanay, mas hinasa ang abilidad ng mga mananaliksik sa pagsasagawa ng produkto at serbisyo mula sa "Research and Development (R&D) innovations" ng ahensiya.

Ang aktibidad ay tinawag na Virtual Technology Commercialization Seminar and Pitch Demo na ginanap noong Nobyembre 18-20 at 27 sa DA-PCC National Headquarters sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Nagkaroon ng patimpalak sa pagitan ng mga presentors kung saan binigyang parangal ang mga "best pitches". Nakamit ng "A2 Choice" na inilahad ni Pauleen Pineda ang 1st place at ang "Prolipig" ni Sherwin Mathias naman ang 2nd place. Ang "Blockmate" ni Victorino Mayo, Jr. at "Nyogurt" ni Teresita Baltazar ay parehong nagkamit ng 3rd place. Habang ang "QuickCare" na iprinisinta ni Dr. Gabriel Tubalinal ang nanalong "People's Choice Award".

Ang lahat ng pitches ay sinuri base sa iba't ibang pamantayan kabilang ang: Paglalahad (40%), Struktura (30%), at Nilalaman (30%) ng pitch.

Sina Dr. Annabelle Sarabia, dating DA-PCC Research and Development Division (RDD) chief; Dr. Ester Flores, tagapamuno ng RDD Animal Breeding and Genomics Section ; at Jan Czarina Salas, Intellectual Property Specialist ang nagsilbing mga hurado.

Ang iba pang kalahok ay Buro Booster Silage Inoculant ni Reynald Amido; e-RS (Enriched Rice Straw) ni Charity Castillo; Milkybun ni Joel Cabading; at Milkpops ni Jennica Salazar.

Noong 2018, sinimulan ng DA-PCC, ang mga inisyatiba sa Intellectual Property and Technology Business Management nito. Ito ay bahagi ng dalawang taong proyekto sa pagitan ng ahensiya at Department of Science and Technology- Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development.

# CCDP sa Tubigon, Bohol

NINA **LEINEFE ATON** AT **MA. CECILIA IRANG**

**DA-PCC sa USF — Isang strategic planning workshop ang isinagawa ng DA-PCC sa Ubay Stock Farm (DA-PCC sa USF), DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA), Office of the Provincial Veterinarian (OPV), Local Government Unit (LGU) ng Tubigon, at Libertad Multipurpose Cooperative (LMPC) noong Nobyembre 5-7 para sa pagtatatag ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) sa Tubigon. Ang nasabing aktibidad ay hudyat ng pinakabagong inisyatiba sa pagitan ng ugnayang DA-PCC at DA-PCA sa paglulunsad ng Coconut Carabao Development Project (CCDP) na kung saan isa sa mga benepisyaryo ang LMPC ng Tubigon, Bohol.**

Layunin ng workshop na makagawa ng tatlong taong konkretong planong pang-operasyon na gagabay sa program management team (PMT) na kinapapalooban ng mga nabanggit na sangay ng gobyerno at kooperatiba sa buong implementasyon ng proyekto.

Idinaos ang naturang aktibidad matapos ang paglalagda ng memorandum of agreement (MOA) ng DA-PCC at DA-PCA noong Setyembre 12. Nakasaad sa MOA na maglalaan ang DA-PCA ng pondong Php140,000,000 sa DA-PCC para sa pagbili ng mga agricultural interventions sa 17 project sites para sa implementasyon ng CCDP. Sa kabilang banda, ang DA-PCC naman ay magsasagawa ng mga orientations, social preparation, at capability-building activities para sa mga benepisyaryong magniniyog tungkol sa carabao production, processing at marketing bilang dagdag na mapagkakakitaan.

Maliban dito, dapat ding maisakatuparan ng parehong panig ang proyekto at matiyak na ang bawa't project site ay masisimulan nang mapakinabangan nang hindi lalagpas ng dalawang taon matapos ang MOA signing, kung hindi man ay maaaring ilipat ng DA-PCA at DA-PCC ang proyekto sa ibang karapat-dapat na benepisyaryo.

"Para sa proyektong ito, ang bayan ng Tubigon sa pamamagitan ng LMPC ay napili dahil isa ito sa mga natukoy na niyugan sa probinsiya. Mainam din itong lokasyon para sa proyektong paggagatasan," ani Emeliano Romero, PCA-Bohol Manager.

"Ang halaga ng proyekto para dito sa Tubigon ay Php10,000,000. Gagamitin ito para sa pagbili ng 50 gatasang kalabaw at pagtatayo ng dairy processing plant at isang dairy box outlet," paliwanag ni Dr. Gundolino Bajenting, CBIN coordinator ng DA-PCC sa USF.


## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.



## PATNUGUTAN

**Editors** Eric P. Palacpac, Rowena G. Bumanlag
**Managing Editor** Ma. Cecilia C. Irang
**Regional Managing Editors** Jan Rose G. Maon, Leinefe L. Aton, Jeson C. Candole
**Writers** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino
**Contributors** Leinefe L. Aton, Dorie D. Bastatas, Jeson C. Candole, Rodolfo Jr. T. Valdez
**Layout** Ma. Cecilia C. Irang
**Circulation Manager** Charlene S. Joanino
**Editorial Adviser** Claro N. Mingala